Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Ang Pagbisita kay Jesus ng Isang Lider sa Templo

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay nila: M. Maillot at Sarah S.

Isinalin ni: Christine Cornejo

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Isang araw, pumunta
si Jesus sa Templo.

Nakita niya sa harap ng Templo ang mga nagtitinda ng mga hayop, at ang mga mamamalit-salapi na nakaupo.

Pagkagawa Niya ng panghagupit na lubid ay tinaboy Niya ang mga mangangalakal sa labas ng Templo.

"Alisin ang mga bagay na ito," sabi ni Hesus.

At iniutos, “Huwag ninyong gawing bahay-kalakal ang Bahay ng Aking Ama.” Minahal ni Hesus ang Bahay ng Kanyang Ama.

Ang mga lider ay humingi ng isang tanda na ipakita ni Hesus na may karapatan Siya na linisin ang Templo.

Sumagot
si Jesus
at sinabi
sa kanila,
"Gibain ninyo
ang Templo at
aking itatayo sa
loob ng tatlong
araw."

"Hindi maari," sabi ng mga lider,
"Apatnapu't-anim na taon ang pagtatayo sa Templo."

Subalit ang tinutukoy ni Hesus
ay ang Kanyang katawan.
Tulad ng Templo,
ang Kanyang
katawan ay lugar
na tirahan
ng Diyos.

Kahit na si Hesus ay mamatay sa krus, alam Niya na ibabangon Siya muli ng Diyos sa ikatlong araw.

Isang gabi, may isang lider mula sa templo ang bumisita kay Hesus. Ang pangalan nya ay Nicodemo.

Alam niya sa pamamagitan ng mga himala ni Hesus na Siya ay sinugo ng Diyos.

Lumapit si Nicodemo kay Jesus upang malaman ang higit pa tungkol sa Diyos.

Sinabi ni Hesus kay Nicodemo na malibang ipanganak muli ang isang tao, hindi niya maaaring makita ang paghahari ng Diyos.

Hindi ito maintindihan ni Nicodemo. Papaano maipanganganak ang taong matanda na?

Si Nicodemo ay relihiyoso din, hindi pa ba ito sapat?

"Ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu," sabi ni Hesus. "Ang Espiritu ng Diyos ay parang hangin.

Hindi mo makita
o maintindihan
ang hangin,
ngunit alam
mo kung ano
ang nagagawa
nito.”

Pinaalala ni Hesus ang tungkol sa mga Israelita na sumisigaw kay Moises, …

... "Kami ay walang pagkain, tubig, at hindi namin gusto ang tinapay na binigay ng Diyos."

Nagalit ang Diyos
sa mga Israelita.

Siya ay nagsugo ng mababangis na ahas, at kinagat nito ang mga tao. At maraming tao ang namatay.

"Kami ay nagkasala. idalangin mo sa Panginoon, na Kanyang alisin sa amin ang mga ahas," ang pagmakaawa ng mga tao.

Kaya si Moises ay nanalangin para sa kanila. Subalit hindi inalis ng Diyos ang mga ahas.

Sinabi ng Diyos kay Moises na gumawa ng isang mabagsik na ahas at ipatong ito sa isang poste.

"Ang bawat taong makagat ay mabubuhay kapag siya ay tumingin sa ahas," ang pangako ng Diyos.

Gumawa si Moises ng ahas na tanso at ang mga taong tumingin dito ay gumaling.

Sinabi ni
Hesus kay Nicodemo
na ang Anak ng
tao ay itataas
tulad ng ahas
na tanso.

Tinukoy ni
Jesus ang krus
kung saan Siya ay
mamamatay
para sa
makasalanan.

Sinabi ni Hesus,
"Inibig ng Diyos
ang sanlibutan
kaya …

... ipinagkaloob Niya
ang kaniyang
bugtong na
Anak upang
ang ...

… sinumang
sumampalataya sa
Kanya ay hindi
mapahamak
kundi …

... magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Ito ay
nangangahulugan
na kahit sino ang
maniwala kay
Hesus, ...

... siya ay
ipapanganak
sa pamilya
ng Diyos.

Maaring si Nicodemo ay hindi naging alagad ni Hesus ng gabing iyon.

Ngunit makalipas ang ilang taon, si Nicodemo ay nagpakita ng pagmamahal at paniniwala kay Hesus sa …



… pamamagitan ng pagtulong
sa paglibing kay Hesus,
ang Anak ng Diyos
na ipinako sa krus.

Pagkatapos ng gabing iyon, si Hesus at ang kanyang mga alagad ay naglakbay patungong Hilaga.

May iba pang mga tao na kailangan makarinig ng tungkol sa kaharian ng Diyos, …

… at magkaroon ng pagkakataon na maniwala kay Hesus na taga-Nazareth, ang Anak ng Dios.

Ang Pagbisita kay Jesus ng Isang Lider sa Templo

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Juan 2-3, Numero 21

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16